Agosto 2010

PRAYMER

PAMBANSANG KALAGAYAN

Hindi Kumukurap ang Sambayanan

IBON
Foundation, Inc

IBON Center
114 Timog Avenue,
Quezon City,
P.O. Box 1172,
Quezon City
Central Office,
1151 Quezon City
Tels. 927 7060 to 62
Fax 929 2496
E-mail: perc@ibon.org

Matapos ang 9 na taong pangungunyapit sa kapangyarihan, mabibigat ang mga paa ni Gloria Macapagal-Arroyo nang lisanin nito ang Malacañang upang ipasa ang panguluhan sa bagong halal na pangulo noong Hunyo 30. Nagwakas na nga ang isa sa pinakamumuhiang administrasyon sa kasaysayan ng bansa na tusong nakapanatili sa kapangyarihan sa pamamagitan ng pandaraya, panunuhol at panunupil sa mamamayan.

Pero di kasamang nagwakas ng administrasyong Arroyo ang suliranin ng mamamayan na lalo pang pinalala ng mga patakarang ipinatupad nito. Anupat ang pundamental na depekto ng malakolonyal at malapyudal na lipunan ay lalo pang tumindi dahil sa walang habas ng pagsasakatuparan sa mga imperyalistang dikta, pangungulimbat ng pangkating Arroyo sa kabangyaman at ang pagpapasasa ng mga malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa sa likas na yaman at bunga ng paggawa ng mga anakpawis. Hindi kinayang pagtakpan ng mga boladas ng rehimeng Arroyo ang napakatinding krisis ng dinaranas na ekonomya at ng mamamayang Pilipino.

Katunayan, ang kahirapang ito ng mamamayan at ang pagtatakwil sa gubyernong Arroyo ang naging pasaporte ng kandidatura ni Noynoy Aquino para maluklok sa poder. Ang islogan nitong “kung walang *corrupt*, walang mahirap” at ang pangangako nito ng “daang matuwid” ay tinanganan ng karamihan sa mamamayan bilang salbabida na makakaahon sa kanilang kahirapan.

Mabilis man ang naging resulta ng eleksyon, pero hindi pa rin nawala ang malawakang pandaraya at pandarahas laluna sa mga progresibong kandidato at grupong humahamon sa mga naghaharing uri. Hindi pa rin nabaklas ng awtomasyon ang reaksyonaryo at elitistang katangian ng isinapribadong halalan sa bansa. Gayunman ang mga protesta ng dayaan sa halalan ay mabilis na natabunan ng mumunting pagbabakasakali ng mamamayan sa mga bagong halal sa gubyerno na inaakalang magbabago kung hindi man magbabaliktad sa korap at pasistang gubyernong Arroyo.

Nagbabakasakali ang mamamayan na may mga malalaking pagbabago sa patakaran ng pamamahala ayon sa mga halos isumpang pangako ng mga kandidato. Higit sa lahat, hinihintay ng mamamayan ang mabilis na pagtugon ng bagong gubyerno ni Benigno “Noynoy” Aquino III sa mga kagyat na suliranin tulad ng matinding paghihikahos at katarungan katulad ng mga ipinangako nito.

Subalit hindi ito ang narinig ng mamamayan noong inagurasyon ng bagong pangulo. Wala ring ganitong mga binigkas ang bagong pangulo sa una nitong State of the Nation Address (SONA). Dalawang buwan matapos na magkaroon ng “mapayapang halinhinan” sa poder, ang noo’y malakas na pagbubunyi ay unti-unting humuhupa at napapalitan ng mga tanong. Ang mga dating pagtatanong ay napapalitan ng paniningil sa mga pangakong tila muli na namang mapapako.

1 Nabago nga ba ng sistemang awtomasyon ang katangian ng eleksyon sa Pilipinas?

Sa unang pagkakataon ay ginamit sa Pilipinas sa pambansang antas ang sistemang awtomasyon na pangunahin nang paraan ng halalan sa maraming bansa sa ngayon subalit tinututulan at ipinagbabawal sa ilang lugar tulad ng Germany dahil sa kawalan ng *transparency*. Sa bisa ng Republic Act (R.A.) 8436 na inamyendahan ng R.A. 9369, itinakda ang Automated Election System (AES) o ang paggamit ng makabagong teknolohiya sa eleksyon na diumano'y magwawaksi sa malawakang dayaan tulad ng operasyong dagdag-bawas sa mga nakaraang eleksyon.

Subalit sa simula pa lang, ang sistemang awtomasyon ay agad naharap sa maraming hamon dulot ng mga di-maipaliwanag na mga desisyon ng Commission on Elections (Comelec). Kinontrata ng Comelec ang dayuhang korporasyon na Smartmatic-TIM sa halagang PhP7.2 bilyon para sa 82,200 na Precint Count Optical Scan-Optical Mark Reader (PCOS-OMR) machines na sinasabing pinakamalaking *information technology* na solong proyekto sa mundo. Sa pangangasiwa ng Smartmatic-TIM, ang pamimili ng mga pinuno na mamamayan na sentrong gawain ng Comelec at isa sa mga saligang karapatan ng mamamayan ay ipinagkatiwala sa dayuhang korporasyon.

Lalo pang di naging katanggaptanggap ang mga impormasyong hindi inilalabas ng Comelec at ng Smartmatic. Hindi pinahintulutan ang independyenteng pagsusuri sa *computer program* na gagamitin sa awtomasyon, hindi naglagay ng pamamaraan para maberipika ng botante ang kanyang boto (*on-screen* o *printed voter verification*) at maging ang ilang probisyong tinakda ng batas sa AES ay nilagpasan tulad ng beripikasyon ng katiyakan ng pagiging tunay ng balotang gagamitin.

Samu't saring problema ang sumulpot sa panahon ng eleksyon. Mula sa mahahabang linya, nari-*reject* na mga balota, di gumaganang PCOs machines at iba pa. Nauna rito, naging kontrobersyal ang pumalpak na compact flash (CF) cards (naglalaman ng programa para mapagana ang makina at bumilang ng boto) na agad na pinalitan ng inimport na CF cards. Pero dahil tatlong araw na lamang bago ang halalan, wala nang paraan para masuri ang programang inilagay dito. Lalo pa nang maulat ang mga diumano'y mga dobleng transmisyon ng mga boto, o mga transmisyon ng mga botong hindi malaman kung saan nagmula at kwestyonable ang oras at petsa.

Lahat ng ito ay matagal nang ibinabala sa Comelec at sa publiko ng mga *electoral watch groups* tulad ng Kontra Daya, Computer Professionals Union (CPU) at AES Watch. Kaya sa paglabas ng mga koala bear (mga diumano'y saksi sa mga dayaan) at pagdagsa ng protesta ng mga natalong kandidato (may batayan man o gawagawa), lalo pa itong nagpatibay sa mga palagay na nabigo ang AES na bigyan ng integridad ang nakaraang eleksyon. Kaya naman maging ang House Committee on Suffrage and Electoral Reforms na pinamumunuan ni Makati Representative Teodoro Locsin Jr. ay naglabas ng di-paborableng pagtatasa sa proseso ng nakaraang eleksyon. Ganito rin ang naging tuntungan ng mga protesta ng mga natalong kandidato gaya ng kay Senador Manuel Roxas ng Liberal Party.

Patunay ito na hindi napagbago ng awtomasyon ang saligang katangian ng eleksyon sa Pilipinas. Kahit pa makabago ang teknolohiya, nananatili ang elitistang katangian ng eleksyon na nagiging paligsahan lamang sa pangkalahatan ng mga naghaharing uri na may pera, may makinarya, may rekurso at may mga bayarang maton at tauhan. Patuloy na pinipigilan ng mga naghaharing uri ang pagsisikap ng mga batayang sektor ng lipunan na makabuluhang lumahok sa eleksyon.

Ang awtomasyon sa katunayan ay lalo pang nagpasahol sa reaksyonaryong katangian ng eleksyon sa Pilipinas. Bukod sa pribatisasyon at pagpapaubaya sa kontrol ng mga dayuhang korporasyon, sinalaula ng AES ang batayang prinsipyo ng demokratikong pagboto —— pribadong pagboto, bilangang pampubliko.

2 Bakit sinasabing ang nakaraang eleksyon ay lalo pang nagpatunay sa kawalan ng tunay na demokrasya sa Pilipinas? Ano ang resulta ng eleksyon?

Nagbago man ang pamamaraan ng pagboto, nananatili ang saligang katangian ng eleksyon sa Pilipinas. Pagpili ng walang kapangyarihang mamamayan sa mga kandidadtong kinatawan ng iba't ibang paksyon ng naghaharing uri. Wala pa ring makabuluhang papel ang mamamayan kundi mamili at magbakasakaling magkaroon ng pagbabago. Ang mga pagtatangka ng mamamayan na lumahok ay pwersadong hinaharang at maging ang maliliit na tagumpay ng mamamayan para wasakin ang monopolyo sa kapangyarihan ng mga naghaharing uri ay binabawi at sinusupil.

Sa kabila ng malawakang dayaan at karahasang naganap sa nakaraang eleksyon, sa pangkalahatan ay kibit-balikat na tinanggap ng mamamayan ang resulta ng nakaraang eleksyon lalo pa't hindi naganap ang mga pinangangambahang maniobra ng kinamumuhiang gubyernong Arroyo na makapanatili sa poder.

Ayon sa resulta ng PCOS machine, nahalal si Benigno Simeon “Noynoy” Aquino III sa bisa ng pinakamalaking lamang sa kasaysayan ng botohan matapos ang diktadurang Marcos at pangako ng malawakang pagbabago sa miserableng pamumuhay, garapalang korupsyon at mapanupil na pamamahala ng gubyernong Arroyo. Pero ang tutuo’y hindi namana talaga masasabing malawak ang boto ni Aquino lalo pa’t 4 sa bawat 10 bomoto lamang ito. Ibig sabihin, may 60% ng mamamayan ang hindi nakumbinsi ng mga retorika at pangako ni Aquino. Mas malamang pa na ang panalo ni Aquino ay ekspresyon ng malawakang diskontento ng mamamayan kay Arroyo at ang pagtangan ng mamamayan sa mga ipinapangako nitong reporma.

Pero malaking salik sa pagpapanalo ni Pangulong Aquino ang lantarang pagsuporta dito ng United States (US) at ng halos solidong pagtataguyod ng naghaharing uri. Sa kasaysayan at dahil sa katangian ng eleksyon sa Pilipinas, mapagpasya ang papel ng US at ng lokal na naghaharing uri sa pagpili ng mga pinuno sa gubyerno laluna ang panguluhan ng bansa.

Ilang buwan pa lamang ang kampanya sa eleksyon, malinaw na ang posisyon ng US kung kanino ito tumataya. Mahihinuha ito sa lantarang pagsuporta ng mga susing personahe sa gubyerno ng Amerika, sa paglabas ng ispesyal na edisyon ng maka-imperyalistang *Time Magazine* kung saan ginawa nilang kober si Noynoy Aquino, at ang lantarang pagdalaw ni US ambassador Harry K. Thomas sa panahon ng halalan. Lahat ng ito ay di maikukubling panghihimasok sa dapat sana ay internal na prosesong pampulitika ng bansa.

Pero ang implikasyon ng mga hakbanging ito ng US ay mas signipikante para sa mga naghaharing uri. Kaya naman, mabilis pa sa alas kwatrong pumila ang mga kinatawan ng mga korporasyon at samahan ng malalaking negosyante para itaguyod ang kandidatura ni Noynoy Aquino. Milyon-milyong piso ang kontribusyong pumasok sa pondo ng kampanya nito at ayon pa nga sa mga ulat, ni hindi ito naubos sa kabila ng magastos na kampanyang isinulong ng kandidatura ni Aquino. Binaha ng masmidya na pag-aari ng kaalyadong negosyante ang mga botante ng mga islogan ng grupo ni Aquino at naging bukambibig ng mamamayan ang “walang *corrupt*, walang mahirap” at ang pagtalunton diumano sa “daang matuwid”.

Labis ding ipinagdiinan ng kampanya ni Aquino ang alaala ng mga magulang at ito diumano ang patunay na hindi nito sisirain ang maningning na pamana sa ngalan ng demokrasya. Tinuntungan ng pangkat ni Aquino ang marubdob na galit ng mamamayan sa garapalang korupsyon at tiwaling pamamahala kaya naman inani ni Aquino ang malaking bahagi ng botong kontra-Arroyo.

Sa bahaging ito, nabigo sa isang banda ang kandidatura ni Senador Manuel Villar na noong simula ng karera ay nasa unahan ng mga survey. Pumurol ang kampanya nito dahil sa urong-sulong na postura ni Villar sa harapang pagtuligsa sa mga krimen ni Arroyo at ang labis nitong pagsandig sa inaakalang maramihang paglipat sa kanyang panig ng mga dating maka-Arroyo. Hindi rin mabisang nagamit at naipalaganap ni Villar ang plataporma nito laluna ang mga batayan ng pakikipag-isa nito sa mga kandidatong progresibo, makamasa at makabayan tulad nina Liza Maza at Satur Ocampo. Matatandaang sa pamamagitan ng "*In Response to the People's Concerns*", sinang-ayunan ni Villar ang ilang bahagi ng plataporma ng Koalisyong Makabayan ni Ocampo at Maza na naging daan para maging bahagi ang mga ito bilang *guest candidates* ng Nacionalista Party (NP). Pero sa halip na palaganapin at gawing koneksyon sa batayang masa, hindi sumandig si Villar sa mga isyu ng batayang masa at sa halip ay nagkasya sa panunuyo sa mga pulitiko para lumipat sa kanyang kampo.

Ang sorpresang pumangalawa sa karera na si dating Pangulong Joseph Ejercito Estrada ang umani ng mga botong nawala kay Villar. Malaking bahagi ng botante mula sa batayang sektor ang tumaya kay Estrada dahil sa urong-sulong na postura nito kontra kay Arroyo. Ibig sabihin din nito, may signipikanteng bilang ng masang botante ang hindi napahinuhod sa retorika ng kampanya ni Aquino, sa kawalang katiyakan kay Villar pero inaakalang mas mapananagot sa krimen ang gubyerno ni Arroyo sa simpleng kadahilanan na ito ang nagpakulong sa kanya. Usap-usapan sa mga komunidad ng maralita na kung magiging presidente muli si Erap, siguradong makukulong si Gloria Arroyo tulad din ng pagpapakulong nito sa pinatalsik na pangulo.

Pumang-apat si Gilbert Teodoro na upisyal na kandidato ng administrasyon subalit napaulat na inabandona ng pangkating Arroyo at barya-barya lamang ang dumating sa ipinangakong pondo nito. Ang kabuuang boto naman ng nalalabing mga kandidatong sina Gordon, Perlas, Madrigal at delos Reyes ay umabot lamang sa 5% ng kabuuang boto.

Sa labanan sa pangalawang pangulo, sorpresang nagwagi si Makati Mayor Jejomar Binay (PDP-Laban) laban sa katiket ni Aquino na si Manuel Roxas sa isang dikit na labanan. Sa huling bahagi ng kampanya, lumitaw ang isang paksyon sa pangkat ni Aquino na sekreto hanggang malantad na nagsusulong ng tambalang Noynoy Aquino-Jejomar Binay (NoyBi). Hindi matanggap ni Roxas ang kanyang pagkatalo at kahit naproklama na ang bagong bise-presidente, nagharap pa rin ito ng protesta para muling bilangin ang mga balota.

Lumang-bago ang mga nahalal sa Senado. Karamihan ay mga dati nang mga senador at ang mga bago naman sa senado ay luma naman ang pangalan – anak ng mga dating senador. Ganun din sa kongreso, kalakhan ng mga nahalal ay mga incumbent o kaya naman ay asawa, anak o kamag-anak ng dating kinatawan. Maging sa partylist election, marami sa mga nagkaroon ng pwesto ay mga dati nang nagwagi sa nakaraang halalan.

Naging malaking salik sa nakaraang eleksyon ang paggamit ng milyong salapi hindi lamang para sa kampanya kundi sa mismong pagbili ng boto. Naging mapagpasya din ang papel ng masmidya na kontrolado ng mga maysalapi at may kapangyarihan. Kaya naman hindi katakatakang lalo pang humigpit ang hawak ng mga kinatawan ng mga panginoong maylupa at burgesya kumprador sa mga pampulitikang institusyon ng bansa. Katunayan, muling nakabalik sa poder ang maraming datihang dinastiya sa pulitika. Kung tutuusin, pami-pamilya at magkakamag-anak ang kasalukuyang ekspresyon ng pampultikang pamumuno ng naghaharing uri sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

3 Bakit naging mahalaga ang eleksyon sa mamamayan?

Masigla ang naging paglahok ng mamamayan sa nakaraang eleksyon. Sa kabila ng kabaguhan sa pamamaraan at kaguluhang niluwal ng awtomasyon, matiyaga at sa ilang kaso ay iginiit ng mamamayan ang karapatan nitong bumoto.

Ang marubdob na pagnanais ng mamamayan na makaboto at maging bahagi ng pagpili sa mga bagong pinuno ay patunay sa pagnanais ng mamamayan ng pagbabago at sa kabilang banda ay pagtatakwil sa gubyernong Arroyo. Hindi man sigurado ang karamihan sa awtomasyon at maging sa papel ng Comelec, matamang kinalatis ng mamamayan ang sinasabi ng mga nagpiprisintang maging pinuno ng bayan at pumili mula sa inaakala nilang magiging kabaliktaran ng miserableng pamumuhay at kaapihang dinanasa sa loob ng 9 na taong pananalanta ng peke, korap, tuta ng US at pasitang rehimen ni Gloria Macapagal Arroyo.

Walang palamuti at madyik na magawa ang gubyernong Arroyo para pagtakpan ang napakatinding kahirapang sinapit ng mamamayan sa ilalm ng pamamahala nito. Pinilit nitong ipanglinlang ang diumano'y mga datos ng paglago sa ekonomya at ang pagpapaasa sa mamamayan na magtiis na muna at darating din ang panahong iinam ang kanilang kabuhayan. Subalit sa loob ng 9 na taon, pawang kahirapan at kaapihan ang pinasan ng taumbayan.

Walang katulad ng kawalan at kasalatan sa trabaho ang naganap sa panahon ng administrasyong Arroyo. Sa unang limang taon nito (2001-2005), ang kawalan ng trabaho sa Pilipinas ay umabot sa isang antas na pinakamalala sa buong kasaysayan ng bansa. Simula 2006, binago ng gubyerno ang opisyal na depinisyon ng "*unemployed*" (walang trabaho) para mapaliit ang bilang nito at magmistulang nasolusyonan na ang problema sa empleyo. Pero ang tutuo, ang dekada sa ilalim ng gubyernong Arroyo ang may pinakamatinding taunang *average unemployment rate* na 11.2% kumpara sa 10.2% noong dekada 80 at 9.8% noong dekada 90.

Hindi rin masasabing ganap ang empleyo ng sinasabing may trabaho sa Pilipinas dahil kung susuriin, aabot sa 46% (16.1 milyon) ng sinasabing 35.4 milyon na may trabaho ang nasa kategoryang *own-account* at *unpaid family workers* na bumubuo ng empleyong masasabing di-pormal. Karamihan sa mga trabahong matatagpuan dito ay walang seguridad, mababa ang sahod at walang benepisyo. Hindi rin naman mainam ang *wage and salary workers* dahil ayon sa 2008 Informal Sector Survey (ISS) ng National Statistics Office (NSO), sa bawat 10 *wage and salary workers*, hindi hihigt sa 4 ang may nakasulat na kontrata, 4 lamang ang may *insurance* at 3 lamang ang may *paid leaves*. Samakatuwid, ang kalakhan ng trabaho sa bansa ay mababa ang kalidad at mababa ang kita.

Lalong masahol ang kalagayan ng hanapbuhay sa kanayunan. Sa kabila ng huwad na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) sa ilalim ng gubyerno ni Corazon Aquino (nanay ni Noynoy) na pinilit pang ipagpatuloy sa pamamagitan ng CARP Extension with Reforms (CARPER), nanatili ang kontrol at monopolyo sa lupa ng mga iilang panginoon. Pagtakatapos ng 23 taon matapos ang masaker ng magsasaka sa Mendiola, nanatiling 7 sa bawat 10 magsasaka ang walang lupa at nasa kontrol ng mga panginoong maylupa para sila makalikha ng kabuhayan. Bukod dito, napagsasamantalahan pa sila ng mataas na upa sa lupa, usura at binabarat ang sahod ng mga manggagawang bukid.

Yaong may nasasakang kapiranggot na lupa ay nalulubog din sa mga usurero at utang sa negosyante/panginoong maylupa dahil sa mataas na gastos sa produksyon habang nababarat naman ang *farmgate price* ng kanilang produktong agrikultural kapag itinatapat na sa mga imported na produkto. Malaganap ang gutom sa kanayunan hindi lamang sa kawalan ng kita kundi dahil sa ang pilit na ipinapatanim sa mga magsasaka ay mga magastos sa kemikal at *export winners* na mapanira sa kapaligiran. Ito ang mga *high value crops* o produktong agrikultural na mabili sa pandaigdigang pamilihan. Katwiran ng gubyerno, sa halip na magtanim para makakain, mas malaki daw ang ganansya kung magtanim para ibenta sa ibang bansa, kumita ng dolyar at saka bumili ng pagkain.

Itong kumbinasyon ng matinding krisis sa kawalang trabaho, kawalan ng rekursong pangkabuhayan tulad ng lupa, kawalan ng kapital, at pagpapabaya ng gubyerno ang nagtutulak sa di-pangkaraniwang paglobo ng bilang ng mga migrante na isa pang patunay sa napakatinding krisis sa kabuhayan ng mamamayan.

Walang migrante ang magsasabi na iiwanan niya ang pamilya at bayan kung may mainam din lamang na pagkakataon dito. Pero dahil nga sa kawalan ng oportunidad kahit man lang pandugtong-buhay, maraming Pilipino ang pikit-matang nagdidesisyon na mangibayang-bansa para maghanap ng ikabubuhay. Noong 2009, may tinatayang 1.42 milyon ang nadeploy na overseas Filipino workers (OFWs) na pagtaas ng 15.1% sa bilang ng 2008 at halos 69% na paglaki mula sa nakaraang dekada.

Kada taon patuloy ang paglaki ng bilang ng mga nagmimigrante. Nitong nakaraang taon, aabot na sa 3,890 Pilipino ang tinatayang umaalis ng bansa bawat araw na sumasalamin sa desperadong kalagayan ng kawalang trabaho sa bansa. Palatandaan din ito ng atrasadong katangian ng lokal na ekonomya na walang kakayahang lumikha ng makabuluhang hanapbuhay.

Sa unang tingin, naiibsan ng migrasyon ang matinding kawalan ng hanapbuhay. Sinasabing aabot ang tutuong tantos ng kawalang trabaho sa 14.6% kung mananatili sa bansa na walang trabaho ang taunang nadideploy na migranteng manggagawa. Subalit ang tutuo'y lalo lamang nitong napapalala ang kawalang kakayahan ng ekonomya na lumikha ng makabuluhang trabaho. Nawawalan ang lokal na ekonomya ng produktibong pwersa na higit na napapakinabangan ng ibang ekonomya. Ang mga remitans ng manggagawa ay nagreresulta sa artipisyal na umiikot na kapital pero karamihan dito ay nagagasta sa konsumo at napakaliit na bahagi lamang ang aktwal na naitutulong sa pagpapalakas ng lokal na produksyon at kapital.

Kaya naman, patuloy ang paglaki ng bilang ng mga mahihirap na mamamayan ayon mismo sa Family Income and Expenditure Survey (FIES) ng gubyerno. Ayon sa kada tatlong taong survey, mahigit 16% ang inilaki ng bilang ng pamilyang naghirap sa pinakahuling FIES noong 2006 kumpara sa datos noong 2003. Sa kongklusyon ng FIES 2006, lumala ang kahirapan sa paglaki ng bilang ng mahihirap (27 na pamilya sa bawat 100 pamilya) kumpara sa lumabas sa survey noong 2003 (24 sa bawat 100). Nakapakonserbatibo pa ng pagtataya ng FIES dahil ginamit nito ang katawatawang pamantayan sa kahirapan na PhP41 kada tao kada araw. Kung gagamitin ang *international standard* na US$2 kada tao kada araw (o PhP86), lalabas na 66 milyong Pilipino o 7 sa bawat 10 ang maituturing na mahirap noong 2006. Ang susunod na FIES ay ilalabas sa Oktubre 2010.

Malaking misteryo sa ilan kung saan napupunta ang ipinagmamalaki ng gubyernong Arroyo na sunod-sunod na taong diumano'y paglago ng ekonomya ng bansa. Pero ang tutuo'y madali itong makita kung sisilipin ang taunang kinita ng pinakamalalaking korporasyon (laluna ng mga dayuhan) sa bansa. Ang ipinagmamalaking 36 quarter ng tuloy-tuloy na *economic growth* ay hindi man lang naramdaman ng karaniwang mamamayan. Ang aktwal na lumago ay ang dambuhalang tubo ng mga nasa Top 1,000 Corporation sa bansa. Sumirit ang kita ng mga pinakamalalaking korporasyon mula PhP116.4 bilyon noong 2001 sa ilang dobleng PhP686.3 bilyon nitong 2007. Bahagyang nabawasan ang tubo ng mga ito sa PhP415.1 bilyon noong 2008 dahil sa pandaigdigang krisis pampinansya subalit malaking di hamak pa rin ang tubo laluna kung iisiping libu-libong manggagawa ang nawalan ng trabaho sa mga panahong ito.

Kaya nga, ang pakikibaka ng magsasaka para sa repormang agraryo at ang pakikibaka ng mga manggagawa para sa sahod, trabaho at karapatan ay hindi na lamang usapin ng kabuhayan kundi higit pa, usapin ng katarungang panlipunan. Subalit sa halip, pinalawig pa ng gubyernong Arroyo sa pakikipigsabwatan sa mga kinatawan ng interes ng panginoong maylupa ang huwad na programang CARP at ipinasa ang batas sa CARPER. Ito ay sa kabila ng katotohanang hindi nabago ng CARP ang pyudal at mapagsamantalang relasyon sa produksyon sa kanayunan na nagpapaigting sa dantaong paghihimagsik ng mga magsasaka. Nanatili ang malalaking hacienda at plantasyon sa kontrol ng mga panginoong maylupa at dayuhang korporasyon sa pamamagitan ng mga mapanlinlang na butas sa CARP at sa CARPER.

Mistulang pulubing namamalimos ang trato ng gubyernong Arroyo sa pakikibaka ng mangagagawa sa dagdag na sahod. Gamumo ang inilimos nitong pagtaas sa minimum na pasahod na sa kabuuan ay aabot lamang sa PhP154 sa loob ng 9 na taong administrasyon. Ang tunay na halaga nito ay PhP5 lamang kung itutumbas sa mabilis na pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Di hamak na maliit ito kumpara sa mga nakaraang adminitrasyon nina Cory Aquino (PhP82), Ramos (PhP16) at Estrada (PhP22). Ang pinakahuling pagtaas sa minimum na pasahod ni Arroyo na PhP22 noong Abril 2010 ay uminsulto sa manggagawa at lalo pang nagdiin sa sahod na ipinako at sadyang binarat alang-alang sa kapakanan ng mas pinapaborang dayuhang pamumuhunan.

Lalo pa ng nakagagalit sa manggagawa dahil ang gapatak na pagtaas sa sahod ay hindi naman naipapatupad ng gubyerno sa antas ng pagawaan. Sa mismong datos ng gubyerno, sinasabing 15% ng mga establisimyento ang hindi nagpapatupad ng batas sa minimum na pasahod.

Kitang-kita rin ang malubhang pagpapabaya ng gubyerno sa kapakanan ng mamamayan sa pagpapauna nito sa interes ng dayuhan at lokal na *creditors* at sa sariling interes na patuloy na makapaghari. Patuloy na lumiiit ang inilalaang pondo sa serbisyong panlipunan habang papalaki ang budget na napupunta sa pagbabayad ng utang sa mga *creditor* o pinagkakautangan. Laging ginagawang dahilan ng gubyerno ang kawalan ng pondo matapos na maubusan ng mga ibibentang mga ari-arian ng gubyerno kaya naman ang ginagatasan ng gubyerno para makalikom ng pondong pambayad sa utang ay ang patuloy na pagpapalaki at pagpaparami ng buwis sa mamamayan at lokal na negosyo tulad ng regresibong *expanded value added tax* (EVAT). Pero ang nahoholdap nilang pondo sa mamamayan ay kinukulimbat din naman ng mga *creditor* at ng malawakang korupsyon na lalo pang lumala sa ilalim ng gubyernong Arroyo.

Pero kung tutuuusin, pinalalala lamang ng korupsyon ang pagkabangkarote ng gubyerno. Ang ugat ng kawalang pondo ng gubyerno ay ang mismong patakaran nito nang labis na pagpabor sa dayuhang korporasyon, bangko at pamumuhunan. Sa mga pagtataya, may potensyal na kita ang gubyerno na PhP207 bilyon kung ibalik ang taripa sa antas noong dekada 90, PhP43 bilyon kung bawasan ang fiscal incentives (laluna ang mga ibinigay na insentibo sa mga dayuhan), PhP16 bilyon kung ibalik ang corporate income tax sa 35% (na binaba sa 30% noong nakaraang taon), at PhP170 bilyon mula sa "*leakages*" (o mga nakukulimbat ng mga tiwaling upisyal).

Ang kawalan ng kita ng gubyerno ay tuwirang epekto ng pag-alis ng buwis sa kalakalan, mga taripa sa imported na produkto at paglilibre sa buwis sa mga dayuhang negosyo at korporasyon sa ngalan ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon ng ekonomya. Mga patakarang pang-ekonomya ayon sa dikta ng imperyalistang globalisasyon at dikta ng mga imperyalistang institusyong tulad ng World Trade Organization (WTO) at mga usurerong bangkong International Monetary Fund at World Bank (IMF-WB).

4 Ano ang kalagayan ng ekonomya matapos ang 9 na taon ng gubyernong Arroyo?

Lalo pang lumala ang krisis ng malapyudal at malakolonyal na ekonomya ng bansa. Ang mga ipinagmamalaking paglago sa ekonomya ng gubyerno ay paglago sa tubo ng mga dayuhan at malalaking korporasyon at hindi napakinabangan ng mamamayan laluna ng mga nakararaming anakpawis.

Nitong unang kwarto ng 2010, muling ibinando ng gubyernong Arroyo ang diumano'y paglago ng ekonomya ng 7.3% na sinasabing pinakamabilis na *first-*

quarter growth sa loob ng 15 taon. Domoble ang tubo ng mga *listed companies* sa Philippine Stock Exchange (PSE) mula PhP64.1 bilyon noong unang kwarto noong 2009 sa PhP137 bilyon nitong 2010. Pero ang hindi sinasabi ay ang panibagong paglobo ng mga walang trabaho dahil umabot na sa 11.6% ang *unemployment rate* (4.7 milyong manggagawang walang trabaho) nitong Abril 2010. Hindi rin sinasabing nag-aabereyds lamang sa 4.4% ang paglago ng ekonomya sa nakaraang 9 na taon habang ang mga kalapit na bansa ay di-hamak na mas malaki ang iniuulat na paglago tulad ng Vietnam (7.0%), India (7.3%), Malaysia (4.5%), at Indonesia (4.9%). Bukod dito, artipisyal ang pagsigla ng ekonomya nitong unang kwarto na tulak ng malakihang paggastos sa eleksyon at ang pasumpong-sumpong na paglago sa *export sector*. Patunay muli sa ampaw at di-sustenableng katangian ng ekonomya ng bansa.

Ang sinasabing 7.3% na paglago sa ekonomya ay tulak pangunahin ng paglago sa sektor ng industriya dahil sa pagbawi ng pagmamanupaktura at ng produksyong pang-eksport mula sa pagsubsob nito noong nakaraang taon. Nakabawi din ang mga yutilitis tulad ng kuryente at tubig dahil sa pagtataas nito ng paniningil sa konsyumer. Malaking salik din sa pagsigla ng manupaktura ang paggana ng mga imprenta, papel at iba pang gastusin kaugnay sa kampanya sa eleksyon. Ganito rin ang naging epekto sa *service sector* laluna sa *private services* kung saan nakabilang ang *media*.

Gayunpaman, nanatiling hilahod ang sektor ng agrikultura kung saan umaasa ng kabuhayan ang mahigit 75% ng populasyon ng bansa. Umimpis pa ang sektor ng 3.2% sa unang kwartong taon dulot ng pagbagsak sa produksyon ng palay ng 11.4% at ng mais ng 16.8%. Kahit na may mga babala, hindi pa rin napaghandaan ng gubyerno ang El Niño o ang tagtuyot na labis na nakaapekto sa produksyon noong nakaraang taon. Hindi pa rin naaasikaso ng gubyerno ang irigasyon sa kabila ng maraming taon na nang pagpapabaya dito. Lalo pang tumindi ang paghihikahos ng mga magsasaka na labis na ngang api sa mapagsamantalang relasyon sa produksyon na pinaiiral ng mga may monopolyo sa lupa.

Sa pangkalahatan, nanatiling nakaasa sa *net factor income* from abroad (NFIA) o katas ng migranteng manggagawa ang ekonomya ng bansa. Umabot sa 30% ang itinaas ng NFIA subalit mababa ito sa 40% na naitala noong nakaraang taon sa parehong panahon. Patuloy na nakaasa dito ang programang pang-ekonomya ng gubyerno gayong matagal nang napatunayan na hindi pangmatagalan at walang katiyakang bukal ang NFIA at ang remitans ng OFWs para sa pagpapaunlad ng ekonomya.

Patuloy at lalo pang humihigpit ang kontrol ng dayuhang bangko at korporasyon sa ekonomya ng bansa. Sa pamamagitan ng mga patakaran sa globalisasyon, ibayo pang naging atrasado ang ekonomyang agraryo ng bansa. Lalo pang numipis ang industriya ng bansa sa pagbagsak ng mga lokal na manupaktura dahil sa kawalang kakayahan nitong makipagkompetisyon sa mga mas mura (dahil walang buwis) na produktong imported. Ang agrikultura at industriya ay labis na nakaasa sa imported na *input* at nakatuon ang produksyon sa pangangailangan ng pandaigdigang pamilihan. Higit pang naging import-eksport ang katangian ng lokal na ekonomya kaysa dati at unti-unting nalulusaw ang anumang natitirang pansariling ekonomya ng bansa. Habang nawawalan ng trabaho at bumabagsak ang kita ng mga anakpawis, lalo namang lumalaki ang pakinabang at tubo ng mga dayuhang korporasyon at mga kasosyo nitong burgesya kumprador (malalaking *importer-exporter*) at panginoong maylupa.

Dikta ng malakolonyal na kontrol ng imperyalismong US ang pundamental na katangian ng ekonomya ng Pilipinas. Itinakda nito ang ekonomya na panatalihing atrasado, agraryo, walang batayang industriya at nakatuon sa pag-eksport ng hilaw na materyales habang nakaasa sa imported na produkto at puhunan mula sa imperyalistang ekonomya. Kaya naman ang *export-oriented* at *import-dependent* na ekonomya ay labis na bulnerable sa pandaigdigang krisis ng kapitalistang ekonomya. Ang krisis na ito na kinatatangian ng krisis pampinansya at sa ubod nito ay krisis sa sobrang produksyon na ipinapasa sa mga kolonya at malakolonyang bansa ng imperyalismo. Ang sobrang produkto at kapital na iniluluwal ng anarkiya at di-planadong kapitalistang ekonomya ay pilit na ipinasa sa mga bansang tulad ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga patakarang idinidikta ng mga pandaigdigang ahensya ng imperyalismo.

Madali naman itong naisasagawa sa pamamagitan ng mga papet na gubyerno na pangunahing kontrolado ng mga malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa na pawang kasosyo sa negosyo at nakikinabang din katulad ng imperyalismo.

Pero maging ang globalisasyon ay hindi sapat para pigilan ang krisis ng kapitalismo. Umabot na ang ang yugto ng krisis sa antas ng oligrakiya sa pinansya na kung saan ang sobrang produksyon ay nagdulot ng iba pang mga "*derivatives*" naliban sa pera katulad ng *finacial instruments* at iba pa na lumilikha ng tubo labas sa produksyon o sa tutuong ekonomya. Patuloy ang paglaki ng sobrang produksyon na lalo pang nagpapasidhi sa kapitalistang kompetisyon at akumulasyon. Patuloy ang pag-aagawan ng mga dayuhang monopolyo kapitalista sa pinakamalaking tubo sa pandaigdigang ekonomya sa pagpapaliit ng kanilang gastos sa produksyon laluna sa sahod at pinapasahod ng manggagawa. Patuloy

ding binabawasan ng mga imperyalistang gubyerno ang gastos sa serbisyong panlipunan para magamit sa pagsuporta at pagpinansya sa mga pinapaborang kapitalista. Nagluluwal ito ng walang kaparang kawalan ng trabaho, gutom at paghihikahos sa mga anakpawis ng buong daigdig.

Pero lalong ramdam ang ganitong epekto ng mga anakpawis sa mahihirap na bansa tulad ng Pilipinas. Sa pagsambulat ng pandaigdigang krisis simula nitong nakaraang mga taon, libu-libong manggagawang Pilipino ang nawalan ng trabaho na lalo pang nagpabarat sa sahod at kawalang-pagpipilian kundi pumasok sa mga mapagsamantalang iskema ng pagtatrabaho tulad ng kontrakwalisasyon sa paggawa.

Salungat sa sinasabing pagrekober ng kapitalismo sa krisis na kinalulugmukan nito, ang pandaigdigang krisis ay hindi pa naaampat at katunayan ay mas lalo pang sumisidhi. Nalulubog sa utang at nababangkarote ang mga gubyerno ng imperyalistang bansa dahil ibinubuhos nito ang pondo sa pag-*bail out* o pagsuporta sa mga korporasyong bumabagsak dahil sa walang katapusang kompetisyon, pang-aabuso sa pinansya at ispekulasyon. Samantala, lalo pang naghihikahos ang mga mamamayan nito dahil sa pagtitipid sa badyet sa serbisyong panlipunan habang patuloy na binubuwisan kahit na karamihan ay nawalan ng trabaho. Umaabot na sa 210 milyon ang manggagawang walang trabaho sa mundo.

Pero mas magiging mabangis pa dito ang susunod na yugto ng pandaigdigang krisis na lalo pang magtutulak sa agresibo at higit na mapandambong na katangian ng imperyalismo sa mga kolonya at malakolonyang bansa nito. Hindi nagwawakas ang krisis sa pagbabagsakan ng mga malalaking korporasyon, manapa'y lalo lamang nakokonsentra ang kapital sa iilang monopolyo kapitalista na lalong nagluluwal ng mas marahas na kumpetisyon sa pagitan nila gamit ang mga kontroladong imperyalista gubyerno at mga pandaigdigang institusyon.

Lalo pang nakaamba ngayon sa malakolonyal at malapyudal na Pilipinas ang mas agresibong hakbangin ng imperyalismong US tulad ng *charter change* at mga *free trade agreement* na ibayong magbubukas para sa pagpasok ng dayuhang kapital, tropang militar at walang habas na pandarambong sa kabundukan at likas na yaman ng bansa.

5 Napahupa ba ng eleksyon ang krisis pampulitika ng bansa?

Duguan ang kamay ng gubyernong Arroyo habang nililisan nito ang Malakanyang. Nag-iwan ito ng mga bakas ng lansakang paglabag sa karapatang pantao.

Winalambahala nito at ipinagkait ang pang-ekonomya at panlipunang karapatan ng mamamayan. Nilapastangan nito ang karapatang pangkultura at mahaba ang listahan ng mga kaso ng mga hinuli, tinakot, ikinulong, dinukot at pinatay na mamamayan laluna ang mga militanteng lumalaban para sa makabuluhang pagbabago sa lipunan.

Sa loob ng 9 na taong pamamahala ni Arroyo, mahigit 1,205 na pampulitikang pagpatay at 206 na pagdukot ang naitala ng Karapatan mula Enero 2001 hanggang Hunyo 2010. Kahit ang United Nations (UN) Special Rapporteur on Extrajudicial Killings at iba pa ng mga pandaigdigang organisasyon ang nagtuturo sa gubyerno bilang salarin sa mga kasong ito dahil sa layunin at target ng mga plano nito kontra-insurhensya.

Sa ilalim ng Oplan Bantay Laya counterinsurgency plan ng gubyernong Arroyo, target din ng militar ang mga ligal at militanteng organisasyon ng mamamayan. Kaya naman dahil hindi mahanap at madalas ay nabibigo ang militar na supilin ang armadong grupong rebolusyonaryo ng Communist Party of the Philippines-New People's Army (CPP-NPA) at Moro Islamic Liberation Front-Bangsa Moro Army (MILF-BMA), ang pinagbabalingan nito ay ang mga militanteng organisasyon na bukas at batay sa limitadong karapatan ay nagmumulat, nag-oorganisa at nangunguna sa pagkilos ng mamamayan para sa kabuhayan, demokrasya at katarungang panlipunan. Karahasan ang tugon ng gubyerno sa hinaing ng magsasaka para sa tunay na repormang agraryo. Panunupil ang sagot ng rehimen sa sigaw ng manggagawa para sa trabaho at makatarungang sahod.

Anupa't lalo nitong pinaypayan ang nag-aapoy na galit ng mamamayan. Hindi katakatakang sa loob din ng panunungkulan ni Arroyo, mas lumawak at lumalim ang mga rebolusyonaryong kilusan ng CPP-NPA at maging ng MILF. Hindi ito sinserong nakipagharap sa mga usapang pangkapayapaan at sa halip ay kinutsaba, binusog at sinuhulan ang matataas na upisyal ng burukrasyang militar para supilin hindi lamang ang mga armadong rebolusyonaryong grupo kundi lahat ng mga pwersang tutol at lumalaban sa kanyang administrasyon.

Lalo pang tumaas ang antas ng digmang bayan sa Pilipinas. Sa mga independyenteng pagsubaybay, dumalas at higit na malalaking engkwentro ang naganap nitong nakaraang mga taon. Sa monitor ng Ibon halimbawa, tumaas ang mga insidente ng armadong labanan nitong unang semestre ng 2010 sa 146 insidente na mas mataas ng 28% kumpara sa unang hati ng 2009. Inamin mismo ng gubyerno at ng militar na nabigo itong makamit ang target nitong wakasan ang insurhensya ngayong 2010. Marami nga ang nagpapalagay na ang mga lihim at lantad na pag-aalburuto ng mga nakababatang upisyal ng militar ay sintomas ng matinding demoralisasyon sa hanay nito.

Umabot sa abanteng krisis ang elitistang demokrasya sa panahon ni Arroyo. Nakabatay kasi ang epektibidad nito sa mapayapang halinhinan ng mga paksyon ng naghaharing uri sa pagtangan sa poder at sa pakinabang sa malapyudal na lipunan. Eleksyon ang instrumento nito upang magpaligsahan habang pinagmistulang miron at tagapalakpak lamang ang mamamayan sa contest ng mga paksyon ng naghaharing uri. Nanganib ang elitistang demokrasya noong magkaroon ng batas militar at sinolong inangkin ng pangkating Marcos ang pakinabang. Nagwakas lamang ito sa unang *people power* sa EDSA at maibalik ng gubyernong Cory Aquino ang mga institusyon ng elitistang demokrasya tulad ng kongreso. Pero sa panahon ni Arroyo, matapos ang *people power* 2 noong 2001, tinangka din nitong sundan ang ruta ni Marcos sa pamamagitan ng di-deklaradong *martial law* at pagbabago sa konstitusyon para makapagpatuloy sa poder lagpas sa taning. Buong kaswapangan din nitong kinopong ang mga pakinabang at nagtatangka pa ngang makapangunyapit sa poder sa habang panahon.

Ito ang sinikap na kumpunihin ng imperyalismong US noong nakaraang taon matapos na ipilit ng pangkating Arroyo ang plano nitong isulong ang Chacha na gustong mangyari ng US pero nakasakay ang agenda nito para makapagpatuloy ng paghawak sa poder. Nag-alala ang US at ang lokal na naghaharing uri na maging mitsa na naman ito sa panibagong *People Power* na mahirap na makontrol kung saan ito tumungo at manganib ang kasalukuyang sistemang pinapakinabangan nila nang husto. Kaya mula noong 2009, iba't ibang personahe at ahensya ng gubyerno ng US ang nagtutulak para sa eleksyon. Pinondohan halimbawa ng US Agency for International Development (USAID) ang International Foundation for Electoral Systems (IFES) na nagtulak ng *automated electoral system* sa Pilipinas mula pa noong 2004.

Sa pagtatapos ng 2009, hindi na lamang malawak na mamamayan ang nagtatakwil sa gubyenong Arroyo kundi, kapansin-pansin narin ang mas "matapang" na pagbatikos dito ng mga samahan ng negosyo at malalaking burgesya kumprador. Samantala, pumipila na rin ang mga ito para suportahan ang eleksyon at ang kandidatura ni Noynoy Aquino na noon pa man ay malinaw na sinusuportahan ng US base sa mga kilos at di-tuwirang pahayag ng mga tagapagsalita ng US.

Mahalaga para sa imperyalismong US ang pagpapanatili ng kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na lipunan. Mahalagang bahagi ng pagpapanatili sa kontrol at dominasyon ng imperyalismo at pyudalismo ng mga panginoong maylupa ang patuloy na pag-iral ng burukrata kapitalismo. Ito ang tatlong haligi ng paghahari ng imperyalismong US at ng lokal na naghaharing uring kumprador burgesya at panginoong maylupa sa lipunang Pilipino. Susi sa paghaharing ito ang pagpupwesto sa gubyerno ng mga maaasahang papet na kauri at kasosyo sa

negosyo para matiyak na patuloy ang “legal” at naaayon sa batas ang pagsasamantala sa mamamayan at pandarambong sa likas at kabang-yaman ng bansa. Ang mga papet na ito sa gubyerno at sa militar ang inaasahan nilang magtitiyak upang mahadlangan ang pagpasok ng Kaliwa sa gubyerno at maging ang paglakas ng kilusang masa at ng rebolusyonaryong pwersa.

Ito ang inaasahan ng imperyalismo matapos ang “mapayapang” transisyon sa poder mula sa paksyong Arroyo patungo sa pangkating Aquino. Pero ilang buwan pa lang sa poder, unti-unting kumukulo ang pampulitikang krisis na iniwanan ni Arroyo. Sa isang banda, malaking bahagi ng naghaharing uri ang solidong nasa likod ngayon ni Aquino subalit lumilitaw na rin ang mga bangayan sa pag-aagawa sa mga pwesto at pabor sa gubyerno. Mas pa, wala pa ring malinaw na tugon ang gubyerno ni Aquino sa mga suliraning panlipunan na nagbunsod sa umiigting na digmang bayan. Maliban sa pagbabawal ng wangwang, pagsita sa mga dati ang alam na mga kaso ng korupsyon at patuloy na pangangako, wala pa ring itong aksyon sa usapin ng repormang agraryo, dagdag na sahod, pagtiyak sa trabaho, pagpapahinto sa mga demolisyon at pagtugon na kagyat na serbisyong panlipunan. Masahol pa, wala pa itong binabaliktad o binabago man lang sa mga patakarang makadayuhan at makapanginoong maylupa ng gubyernong Arroyo sa ekonomya at maging sa mapanupil na pamamaraan ng hinanlihang gubyerno.

Maaga lumitaw ang mga paksyunal na tunggalian sa hanay ng naghaharing uri. Hindi pa man nag-iinit sa poder, nalantad na ang pag-aagawan sa pwesto ng iba’t ibang grupong may sariling interes mula sa mga pangkat ng mga dating kaklase, grupo ng mga kaanak, mga nagtaguyod na civil society organizations, at ang mga nagtaguyod na pulitiko lalu na yaong mula sa Liberal Party. Makikita rin ang ganitong tunguhin sa pag-aalburuto ng ilang upisyal sa militar at sa burukrasya dahil sa pag-aagawang makuha ang pinakapakipakinabang na pwesto sa gubyerno.

6 Ano ang katangian ng bagong administrasyong Aquino?

Naluklok sa poder si Benigno “Noynoy” Aquino III sa pamamagitan ng suporta ng US at ng kalakhan ng naghaharing uri para makamit ang boto ng mamamayan na suklam na suklam sa korupsyon at mapanupil na gubyernong Arroyo. Tinuntungan nito ang marubdob na pagnanais ng mamamayan na makawala sa matinding kahirapan at kaapihang idinulot ng mga patakaran ng gubyernong Arroyo.

Si PNoy (na tawag nya sa kanyang sarili) ang pangalawang naging pangulo ng bansa na anak ng isang presidente. Tulad ng ina nitong si Pangulong Corazon

Aquino na naging pangulo matapos patalsikin ng mamamayan ang diktadurang Marcos, hinalinhan naman ni PNoy ang pasista at korap ding gubyerno ni Macapagal-Arroyo. Pinalitan ng mag-ina ang mga rehimeng parehong itinatakwil at halos magkatulad na rehimen. Tulad ng dating Pangulong Cory Aquino, nahaharap din si PNoy sa napakatinding krisis panlipunan na mas malala pa nga ngayon dahil sa natapat din sa napakatinding krisis ng imperyalistang sistema.

Hilaw ang pagiging kandidato at pangulong-halal ni Noynoy Aquino. Matatandang naging seryosong kandidato lamang ito matapos ang pagkamatay ng inang si Cory Aquino at nakipagluksa ang milyong mamamayan na nakipaglibing sa namayapang ina. Sa pag-aakalang boto ito ng simpatya sa pamilyang Aquino, iniluklok ng Liberal Party si Noynoy Aquino bilang kandidatong pangulo at ginawang pambise-presidente na lamang si Manuel Roxas sa kabila ng matagal na nitong lantarang pangangampanya para maging pangulo.

Walang maningning na pampulitikang rekord si Noynoy Aquino. Maliban sa apelyidong dala, wala itong gaanong nagawa bilang mambabatas. Hindi rin gaanong nasangkot sa anumang kontrobersya si Noynoy Aquino kaya nga isyu ng korupsyon ang pangunahin nitong plataporma sa kampanya. Si Aquino ay mula sa angkan ng malalaking haciendero at burgesya kumprador. Ang pamilyang Aquino kasama ng mga Cojuangco ang nagmamay-ari ng malawak na Hacienda Luisita sa Tarlac. Dito nangyari ang madugong pagmasaker sa mga nagprotestang magsasaka at manggagawang bukid dahil sa hindi makataong pagtrato sa kanila ng mga Aquino-Cojuangco. Sa masaker na ito, nalantad ang pagiging inutil ng Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) na batas sa repormang agraryo ng administrasyong Aquino na mismong sa mga lupain ng mga Aquino ay hindi naipatupad. Ito rin ang asyendang nagpatupad ng *stock distribution option* (SDO) para maikutan ang batas sa pamamahagi ng lupa na kabilang sa maraming butas ng CARP na sinimulan noong administrasyong Cory Cojuangco-Aquino.

Nasa likod ng rehimeng Noynoy Aquino hindi lamang ang US at ang lokal na naghaharing uri. Tumaya din sa kandidatura nito at ngayo'y naniningil ang mga malalaking negosyo at maging mga burukrata ng mga *civil society organizations* (CSOs) na nagtatago sa likod ng mga progresibo at makamasang lenggwahe pero sa esensya ay tagapagtangol din naman ng interes ng imperyalismo, burgesya kumprador at panginoong maylupa. Malinaw ito sa mga personaheng nakapwesto sa gabinete at mga pangunahing ahensya ng gubyerno na binuo ng mga kinatawan ng malalaking negosyo at panginoong maylupa, tagapagtaguyod ng imperyalistang globalisasyon at pyudalismo, at mga pwersang sosyal-demokrata na kontra sa mga pundamental na pagbabago sa lipunan.

Si Aquino ang tangapangasiwa ngayon ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Unti-unting malalantad sa mamamayan kung hanggang saan ito magbabayad sa mga nagtaguyod para maluklok sa poder.

7 May maaasahan ba na makabuluhang pagbabago sa bagong rehimen?

Halos huminto ang aktibitis ng mamamayan noong Hulyo 26 para pakinggan ang una nitong State of the Nation Address (SONA). Umasa ang mamamayang ihahayag ni PNoy sa SONA ang mga mapagpasya nitong tugon sa karaingan ng mamamayan para sa kagyat na ginhawa sa nakapakatinding krisis pangkabuhayan ng mamamayan. Inaasahan ng manggawa ang makatarungang pagtaas sa sahod at pagpapahinto sa kontraktwalisasyon. Inaasahan ng mga magsasaka ang pagtutulak ng tunay na repormang agraryo na sisimulan sa mismong asyendang pag-aari ng pangulo. Inaasahan ang pagpapanagot kay Arroyo at sa lahat ng salarin sa malawakang korupsyon at paglabag sa karapatan pantao sa nakaraang administrasyon. Maraming Inasahang marinig ang mamamayan dahil ito ang ipinangako noong panahon ng kampanya.

Pero hindi ito ang narinig sa bibig ng bagong pangulo. Sa halip, malaking bahagi ng talumpati ay inilaan sa mga diumano'y nakagugulat na mga kaso ng korupsyon ng mga panggitnang burukrata sa mga ahensya ng gubyerno. Pero ang mas ikinagulat ng mamamayan ay nang hindi man lang nabanggit ang mga pinakamalaking mga kaso ng korupsyon na matutunton sa pamilya at kasabwat ng dating pangulong at ngayo'y Congresswoman Gloria Arroyo ng ikalawang distrito ng Pampanga.

Sa lahat ng sinabi ng bagong pangulo, pinakamalapit nang patungkol sa kabuhayan ang pagtutuloy sa *"public-private partnerships"* (PPP) o mistulang pagpapatuloy ng *build-operate-transfer* (BOT) na iskema nang pagninegosyo sa bansa. Pero higit pa sa BOT, ang PPP ay mas agresibong pribatisasyon sa imprastraktura (kuryente, tubig, transportasyon), kalusugan (*health financing, universal health care*) at edukasyon sa diwa ng diumano'y *global standards*. Ayon sa pangulo, makakaakit ito ng dayuhang puhunan na magnegosyo sa bansa at lilikha ng trabaho. Pamilyar na mga salita, dahil ito na rin ang ginamit nina Cory Aquino, Ramos at Estrada noon sa kanilang programang pang-ekonomya. Ibig sabihin, ang esensya pa rin ng mga programa may iba mang pangalan ay pagpapatupad ng pribatisasyon, liberalisasyon at deregulasyon. Patuloy na sasandig ang ekonomya sa dayuhang pamumuhunan at pag-utang sa mga pandaigdigang bangko.

Maging ang postura sa *peace talks* ay hiram din sa mga nakaraang gubyerno. Mas masahol pa nga kung tutuusin dahil ang pag-aanyaya nito sa usapang pangkapayapaan sa mga rebelde ay nasa balangkas ng pagpapasuko. Malayo na dito ang inusad ang mga nakaraang peace talks agreement kaya kung ipipilit ito ng gubyernong Aquino, malamang ay paanyaya ito sa labanang militar at hindi talaga sinsero sa simula pa lang.

Labis na pinagdidiinan ng bagong administrasyon ang pagtatayo ng Truth Commission para daw ganap nang lumitaw ang mga katotohanan tungkol sa mga kaso ng korupsyon sa nakaraang administrasyon. Pero, imbestigasyon lamang ang magiging papel ng Truth Commission at limitado ang kapangyarihan nito sa mag-usig, mang-aresto at mag-obliga sa mga saksi at suspek. Ibig sabihin, rekomendasyon lamang ang aasahan mula sa komisyon at ibabato pa rin sa korte ng Ombudsman.

Lilitaw tuloy na ang magiging papel ng Truth Commssion ay manggulat din sa mamamayan ng mga datos at mga kwento ng pangungurakot na papatunayan pa at ipagsasakdal pa sa mga darating na panahon. Sa mga darating na hearing ng komisyon, tiyak na *full coverage* ito ng *media* at mala-telenobela itong susubaybayan ng mamamayan. Lilitaw ang mga saksi, lalabas ang mga detalye ng katiwalian, magagalit ang mamamayan, magmamaniobra ang mga abogado at hahaba ang mga *hearing*.

Ganito ang tiyak na tutunguhin ng mga usapan sa Truth Commission habang patuloy na ipinapatupad ang mga patakaran ng imperyalistang globalisasyon. Sa madaling salita, lilibangin ang mamamayan sa mga kwento ng katiwalian habang inilalayo ang kanilang pansin sa mga patakarang nagpapahirap sa kabuhayan at ekonomya ng bansa.

Tutuo nga bang walang mahirap kung walang kurap? Maaari. Pero sintomas na lang din ng kahirapan ang korupsyon. Dahil mabawasan man ang korupsyon, mananatili ang kahirapan ng mamamayan kung magpapatuloy ang mga patakaran ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon na siyang nagdulot ng walang kapantay na kawalan ng trabaho, pagbagsak ng kita at miserableng pamumuhay sa bansa. Bagamat malaking suliranin ang korupsyon sa bansa, hindi ito ang ugat ng suliranin ng bansa.

Sadyang ipinopokus sa korupsyon ang atensyon ng mamamayan para hindi nito mapansin ang mahigpit na kontrol at malawakang pandarambong ng mga dayuhang korporasyon at lokal na naghaharing uri sa lakas paggawa at likas ng yaman ng bansa. Ginagamit na kober ang korupsyon para pagtakpan ang kawalan

ng hustisyang panlipunan, ang di-naaampat na paglabag sa karapatang pantao, ang kawalan ng tunay na repormang agraryo at industriyalisasyon.

Dapat naman talagang usigin at papanagutin ang mga kurap dahil binabawasan ntio ang pondong dapat ay nakalaan sa kapakanan ng mamamayan at ng ekonomya. Subalit ang paglaban sa kurapsyon ay hindi lamang usapin ng wastong pamamahala sa gubyerno kundi kasabay ng kampanyang dapat nito ay ang pagharap sa mga isyu ng mamamayan.

Nakakapangambang kung ano ang ingay, tapang at diin ng bagong pangulo sa mga sinasabi nitong kaso ng korupsyon ng ilang upisyal ng gubyerno ay tila tahimik naman ito sa mga isyung mas inaabangan ng karaniwang mamamayan.

Masama ring pangitain ang pagpupwesto ng pangulo ng mga upisyal sa gubyerno na noon pa man ay mga may-akda at nagsulong ng mga patakarang nagpapahirap sa mamamayan. Malaking bahagi ng itinayong gabinete ni PNoy ay biinubuo ng mga dating upisyal ng gubyernong Arroyo, Ramos at Estrada.

Ilang linggo matapos mapakinggan ng mamamayan ang SONA, unti-unti na ring humuhupa ang malaking pag-asa ng mamamayan sa mga pangakong kaginhawaan ng gubyernong Aquino. Mga pangakong mukhang mapapako.

8 Paano haharapin ng mamamayan ang gubyernong Aquino?

“Kayo ang boss ko!” ito ang sabi ni PNoy sa mamamayan sa araw ng kanyang inagurasyon bilang ika-15 pangulo ng bansa. Pero, ilang linggo matapos yun, tila hindi mamamayan kundi iba ang tinutukoy nitong boss.

Kailangan muling kumilos ng mamamayan para ipaalala kay PNoy kung sino ang sinasabi nitong boss. Kailangan itong singilin sa mga pangakong binitawan na nagtulak sa mamamayan na iluklok ito sa poder. Ang mandato ngayon ng gubyernong Arroyo ay mandato para sa pagbabago. Nasa mamamayan kung gayon ang lahat ng karapatan upang itulak ang pagbabagong ito.

Dapat isulong ng mamamayan at ng kanilang organisasyon ang mga isyung kagyat na nakakaapekto sa kabuhayan, karapatan at kagalingan ng mamamayan. Hindi dapat mabulag ang mamamayan sa mga gimik at mapanggulat na kwento ng mga katiwalian. Kasabay ng paglalantad ng mga tiwaling gawi ng burukrata kapitalista, kailangan ding isulong ang mga tampok na isyu sa susunod na mga buwan. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

1. Ipatupad ang agarang pagtataas ng sahod ng mga manggagawa.
2. Tanggalin ang VAT sa pagkain at mahahalagang bilihin
3. Ipawalambisa ang SDO simula sa Hacienda Luisita at ipatupad ang tunay na repormang agraryo.
4. Imbestigahan at papanagutin ang gubyernong Arroyo sa pandaraya sa nakaraang eleksyon, paglabag sa karapatang pantao at iba't ibang kaso ng korupsyon.
5. Tiyakin ang budget na minimum na PhP281 bilyon sa edukasyon, PhP90 bilyon sa kalusugan at PhP13 bilyon sa pabahay sa 2011 national government budget.
6. Ipawalambisa ang automatic appropriation for debt.
7. Ipagpaliban at irebyu ang JPEPA at ang on-going negotiations sa European Union (EU) para sa Partnership Cooperation Agreement (PCA).
8. Magbuo ng *multi-stakeholder review* ng *government negotiating strategy* at ng mga kasunduan sa ASEAN (i.e. Japan, China, Korea, Australia-New Zealand, India, EU, US and the ASEAN Trade in Goods Agreement).
9. Magbuo ng *multi-stakeholder review* para tukuyin ang mga produkto na mabibigyan ng *tariff protection*.
10. Panagutin ang lahat ng salarin sa paglabag sa karapatang pantao at imdemnipikasyon sa mga biktima.
11. Ipasa ang 1998 Rome Treaty of the International Criminal Court (ICC) sa Senado para sa ratipikasyon nito.
12. Isuspinde at irebyu ang Visiting Forces Agreement (VFA) ng mga gubyerno ng Pilipinas at ng US, habang pinahihinto ang lahat ng operasyon, pagsasanay, ehersisyo at iba pang aktibidad ng US military forces sa bansa.
13. Agarang ipagpapatuloy sa pormal na usapang pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Moro Islamic Liberation Front (MILF).

Pero anuman ang repormang kailangang ipaglaban, hindi dapat mawaglit ang pagnanais na magkaroon ng ekonomyang nakasasapat sa sarili, malaya at hindi umaasa sa pandaigdigang pamilihan at pamumuhunan. Mangyayari ito sa katuparan ng tunay na repormang agraryo at industriyalisasyon.

Yun nga lang, hanggang ngayon pangako pa rin ng dagdag na trabaho at kita ang sinasambit ng bagong administrasyon. Patuloy itong nagtatago sa likod ng mga gimik, boladas at pagpasa ng sisi sa iba. Pilit nitong ikinukubli sa likod ng mga nakakagulat daw na mga kaso ng katiwalian na minana nito sa nakaraang administrasyon. Samantala, wala itong tugon sa dagdag na pasod ng manggagawa. Kabi-kabila ang demolisyon ng mga tahanan ng maralitang lungsod. Ilang araw pa lang sa Malakanyang ay natikman agad ng magsasaka ang

karahasan at babalang bawala sila na lumapit sa upisina ng pangulo. Nagpatuloy ang mga pampulitikang pagpaslang sa mga lider ng mga progresibong partylist at militanteng grupo. Patuloy na humahaba ang listahan ng paglabag sa karapatang pantao. Winakasan na ni Aquino ang anumang pag-asa ng mga magsasaka para sa tunay na repormang agraryo nang magkibit-balikat lamang ito sa mga tusong maniobra ng pamilya Cojuangco at Aquino sa lupa ng mga magsasaka sa Hacienda Luisita.

Tapos na nga talaga ang eleksyon at nakapwesto na sa poder ang mga naghaharing uri. Tapos na ang kampanya ng panlilinlang at pambobola sa masang botante. Nalista na sa tubig ang mga pangako. Bumalik na sa tunay na anyo ang mga hunyango. Ilang buwan pa lang sa poder, maagang napagtanto ng mamamayan ang katotohanang tunay na ang pag-asa ay nasa kanilang pakikibaka.

Hindi kumukurap sa pakikibaka ang sambayanan. Wala itong hinto sa pag-asa. Wala itong tigil sa pagpupunyagi sa pagkakamit ng tunay na kaunlaran at kapayapaan ng lipunan. Saanmang larangan ng labanan, nagpapatuloy ang iba't ibang gawain ng mamamayan — nagtatalakayan, nag-oorganisa, naggigiit ng mga panawagan at kahilingan, nagmomobilisa ng kapwa mamamayan — walang humpay, walang pagkasawa, walang pagkapagod. Tuloy-tuloy ang sama-samang pagkilos sa iba't ibang bahagi ng bayan – sa mga iskwelahan, komunidad, upisina, pagawaan, bundok, sa mga sakaha't plantasyon, tabing-dagat, sa mga simbahan at saan mang nananahan ang api at demokratikong sektor ng lipunan. Hindi kailanman mapapagod ang mamamayan. Hindi ito malilinlang ng mga gimik ng wangwang at nagheheleng telenobela ng katiwalian. Hindi ito pagagapi sa anumang pananakot at karahasan.

Dapat mabatid ng naghaharing uri: hindi kumukurap ang pag-asa at pakikibaka ng sambayanang Pilipino.■

This document was created with Win2PDF available at http://www.win2pdf.com.
The unregistered version of Win2PDF is for evaluation or non-commercial use only.
This page will not be added after purchasing Win2PDF.